Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 6

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Analyn D. Recinto |
| **Tagasuri ng Nilalaman/Wika:** | Evelyn R. Ramos, PSDS SDO Pasay City |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino, OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS-Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Evelyn R. Ramos, PSDS SDO Pasay City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City<br>Marvin D.J. Villafuerte, PDO II LRMS, SDO Pasay City |



(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

# ARALIN 3: Paghahambing-hambing ng iba't ibang uri ng pelikula

**Inaasahan:**

Ang *unified supplementary learning material* (USLeM) na ito ay isinulat upang matulungan kang higit na maunawaan ang uri ng pelikula. Pagkatapos ng USLeM na ito ay inaasahang:

- ✓ napaghahambing-hambing ang iba't ibang uri ng pelikula **(F6PD-IVe-i-21)**

## Unang Pagsubok

**PANUTO: Punan ng angkop na letra upang matukoy ang uri ng pelikula na inilalarawan sa bawat bilang.**

1.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| k | | | e | | y | |

- Ito ay nagbibigay kasiyahan o katatawanan sa manonood.

2.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| a | | | | y | | n |

- Ang pelikulang ito ay nakapokus sa pisikal na labanan ng mga tauhan.

3.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| p | | | - | | b | | g |

- Ang pelikulang ito ay umiikot sa pag-iibigan ng mga tauhan.

4.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| a | | i | | | s | | | n |

- Gumagamit ito ng mga larawan o drowing upang magmukhang buhay ang mga bagay na walang buhay.

5.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| k | | | a | | | | u | | | n |

- Pumupukaw ng takot sa manonood ang pelikulang ito.

# Balik-Tanaw

Ang **pelikula**, na kilala rin bilang **sine** at **pinilakang tabing**, ay isang larangan na sinasakop ang mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriya ng gumagalaw na larawan ang letratong pelikula sa kasaysayan, kadalasang tinutukoy ang larangang ito ng akademya bilang ang pag-aaral ng pelikula.

Isang anyo ito ng sining, at tanyag na anyo ng mga libangan, at negosyo. Nililikha ang pelikula sa pamamagitan ng pagrekord ng "totoong" tao at bagay (kabilang ang inarte na pantasya at mga peke) sa kamera, at/o sa pamamagitan ng kartun. **(mula sa https://tl.wikipedia.org/wiki/Pelikula)**

**Mga Elemento ng Pelikula**

1. ***Sequence* Iskrip** – Pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento sa pelikula. Ipinamamalas nito ang tunay na layunin ng kuwento.
2. **Sinematograpiya** –Pagkuha sa wastong anggulo upang maipakita sa manonood ang tunay na pangyayari sa pamamagitan ng wastong timpla ng ilaw at lente ng kamera.
3. **Tunog at Musika** – Pagpapalutang ng bawat tagpo at pagpapasidhi ng ugnayan ng tunog at linya ng mga diyalogo. Pinupukaw ang interes at damdamin ng manonood.

**Iba pang Elemento ng Pelikula**

1. **Pananaliksik** –Isang mahalagang sangkap sa pagbuo at paglikha ng dokumentaryo dahil sa pamamagitan nito ay naihaharap nang mahusay at makatotohanan ang mga detalye ng palabas.
2. **Disenyong Pamproduksyon** – Pagpapanatili sa kaangkupan ng lugar, eksena, pananamit at sitwasyon para sa masining na paglalahad ng biswal na pagkukuwento.
3. **Pagdidirihe** – Mga pamaraan at diskarte ng direktor kung paano patatakbuhin ang kuwento sa telebisyon o pelikula.
4. **Pag-eedit** – Ito ay pagpuputol, pagdudugtong-dugtong muli ng mga negatibo mula sa mga eksenang nakunan na. Dito ay muling sinusuri ang mga tagpo upang tayain kung alin ang hindi na nararapat isama ngunit di makaaapekto sa kabuuan ng istorya ng pelikula dahil may laang oras/panahon ang isang pelikula.

**(mula sa https://tnhsg7filipinobanawan.wordpress.com/2014/11/05/elemento-ng-pelikula/)**



# Maikling Pagpapakilala ng Aralin



**Iba't ibang uri ng Pelikula**

1. **Aksiyon**
   - Ito ay isang uri ng pelikula na ang isa o higit pang mga bida ay sumasailalim sa hamon na nangangailangan ng pisikal na katangian, matagalang labanan at habulan. Ang pelikulang ito ay nagpapakita ng eksena tulad ng pagsabog, suntukan, barilan at habulan ng sasakyan.

2. **Drama**
   - Ang ganitong uri ng pelikula ay tigib ng luha. Nakasentro ang ganitong uri sa personal na suliranin na nagtutulak upang paiyakin ang manonood. Tumatalakay rin ito sa temang emosyonal katulad ng di pagkakaunawaan ng pamilya.

3. **Katatakutan**
   - Pelikulang naglalayon na takutin ang manonood. Madalas na tema nito ang mapanglaw at sobrenatural o *supernatural*. Ang ilan sa mga namamayaning elemento sa ganitong uri ng pelikula ay multo, babaeng nakaputi o masamang espiritu.

4. **Komedya**
   - Ang tauhan sa pelikulang ito ay nagsasaad ng kasiyahan o katatawanan sa salita o kilos.

5. **Pantasya**
   - Ang tema ng pelikulang ito hinggil sa mahika, mga kakaibang pangyayari o mga mundong ginagalawan ng mga prinsipe at prinsesa.

6. **Musikal**
   - Sa ganitong uri ng pelikula, ang mga bida ay nagsisipag-awitan. Ang isang musikal na pelikula ay matatawag din kung ang mga bida ay nagsisipagsayawan sa tunog at indak ng musika.

7. **Pag-ibig**
   - Ito ay may nakakikilig na iskrip at umiikot ito sa pag-iibigan ng mga tauhan.

8. **Historikal**
   - Ito ay nakabase sa tunay na pangyayari sa kasaysayan.

9. **Animasyon**
   - Ito ay gumagamit ng mga larawan o drowing upang magmumukhang buhay ang mga bagay na walang buhay

## Gawain

**PANUTO: Sa tulong ng iyong magulang o kapatid, magtala ng dalawang (2) pelikula at kumpletuhin ang detalye sa talahanayan hinggil sa napanood.**

| Pamagat ng Pelikula | Tauhan | Uri | Layunin ng Pelikula | Aral/Mensahe |
|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | |
| 2. | | | | |

## Tandaan



Ang **pelikula** ay tinatawag din na **sine** at **pinilakang tabing**. Ito ay isang larangan na sinasakop ang mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriya ng gumagalaw na larawan ang letratong pelikula sa kasaysayan, kadalasang tinutukoy ang larangang ito ng akademya bilang pag-aaral ng pelikula.

**May iba't ibang uri ng pelikula:**

1. Aksiyon - ay isang uri ng pelikula na nagpapakita ng eksena na sumasailalim sa matagalang habulan at labanan

2. Drama - nakasentro ang ganitong uri ng pelikula sa personal na suliranin na nagtutulak na paiyakin ang manonood.

3. Katatakutan - ay naglalayon na takutin ang manonood at kadalasan ang tema nito ay mapanglaw na sobrenatural o *supernatural.*

4. Komedya - ay nagsasaad ng kasiyahan o katatawanan sa manonood

5. Pantasya - ang tema ng pelikulang ito ay hinggil sa mahika, mga kakaibang pangyayari o mga mundong ginagalawan ng mga prinsipe at prinsesa.

6. Musikal - ang bidang babae at lalaki ay nagsisipag-awitan o kaya ay nagsisipagsayawan sa tunog at indak ng musika

7. Pag-ibig - may nakakikilig na iskrip at umiikot sa pag-iibigan ng mga tauhan

8. Historikal - nakabase sa tunay na pangyayari sa kasaysayan


9. Animasyon - gumagamit ng mga larawan o drowing na nagmumukhang buhay ang mga bagay na walang buhay

## Pag-alam sa mga Natutuhan




**A. PANUTO: Paghambingin ang mga nakatalang uri ng pelikula gamit ang *Venn diagram.* Ang unang bilang ay gawing gabay sa pagsagot.**


1. Drama at Komedya




2. Pantasya at Historikal




3. Animasyon at Katatakutan



## Pangwakas na Pagsusulit

**PANUTO: Basahin ang bawat aytem. Bilugan ang letra ng tamang sagot.**

1. Si Mang Jose ay mahilig sa pelikulang punong -puno ng habulan at maaksiyong eksena. Anong uri ng pelikula ang nais niya?
   A. Pantasya B. Komedya C. Pag-ibig D. Aksiyon

2. Ang pelikulang *A Mother's Story* ay tumutukoy sa ginawang pagtitiis sa hirap ng isang ina na magtrabaho sa ibang bansa upang matustusan ang pangangailangan ng anak. Anong uri ng pelikula ito?
   A. Katatakutan B. Aksiyon C. Pag-ibig D. Drama

3. Ang mga pelikula tulad ng *Shake, Rattle and Roll, Ouija* at *The Haunted Mansion* ay ilan lamang sa pelikula ng katatakutan. Ano ang layunin ng ganitong uri ng pelikula?
   A. Pakiligin ang manonood C. Paiyakin ang manonood
   B. Magbigay ng kasiyahan D. Sindakin o takutin ang manonood

4. Anong uri ng pelikula ang *Goyo:Ang Batang Heneral* na hinggil sa buhay at pakikipagsapalaran ng batang heneral na si Gregorio del Pilar noong panahon ng pagsiklab ng Digmaang Pilipino-Amerikano?
   A. Musikal B. Historikal C. Pantasya D. Drama

5. Ang pelikulang *Dayo: Sa Mundo ng Elementalia* na may mensahe ng pagpapahalaga sa kalikasan, pagmamahal sa pamilya at paniniwala sa kakayahan ng isang tao ay isang pelikula na gumamit ng larawan o pagguhit. Anong uri ng pelikula ito?
   A. Komedya B. Animasyon C. Aksiyon D. Drama

**PANUTO: Isulat ang TAMA kung ang pahayag ay wasto at MALI kung hindi.**

__________ 6. Ang pelikulang *Miracle in Cell No.7* na may eksenang nagpaiyak sa manonood ay isang drama samantalang ang pelikulang *RPG Metanoia* na gumamit ng mga larawan o guhit na kumikilos na parang may buhay ay isang animasyon.

__________ 7. Ang pelikulang historikal at pantasya ay nakabase sa tunay na pangyayari.

__________ 8. Gumagamit ng nakakikilig na iskrip na umiikot sa pag-iibigan ng tauhan ang pelikulang pag-ibig samantalang sa pelikulang musikal naman ay nagsisipag-awitan at nagsisipagsayawan ang mga bida.

__________ 9. Ang pelikulang *Feng Shui* na nagdulot ng takot sa manonood ay may katulad na tema sa pelikulang komedya.

__________ 10. Ang pelikulang may temang magbigay ng kasiyahan ay isang komedya samantalang ang katatakutan naman ay may temang magpaiyak sa manonood.

# Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok (p.1)**

1. komedya
2. aksiyon
3. pag-ibig
4. animasyon
5. katatakutan

**Pangwakas na Pagsusulit (p. 7)**


| | |
|---|---|
| 1. D | 6. TAMA |
| 2. D | 7. MALI |
| 3. D | 8. TAMA |
| 4. B | 9. MALI |
| 5. B | 10. MALI |

**Gawain (p.4)**
Iba't ibang sagot ng mga bata


**Pag-alam sa Natutuhan (p.6)**

Posibleng sagot

2.




3.




# Sanggunian

https://tnhsg7filipinobanawan.wordpress.com/2014/11/05/elemento-ng-pelikula/
https://tl.wikipedia.org/wiki/Pelikula
https://tl.wikipedia.org/wiki/Pelikulang_Aksyon
https://tl.wikipedia.org/wiki/Pelikulang_Drama
https://tl.wikipedia.org/wiki/Musikal
https://tl.wikipedia.org/wiki/Pelikulang_katatakutan
https://pt.slideshare.net/romeoIImallabo/genre-ng-pelikula/27
Bitmoji Apps, Google Play Store